MAIKLING IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGBEBENTA NG NURSERY STOCK

- **Ipinag-aatas sa batas ng estado ang pag-iisyu ng Lisensya sa Pagbebenta ng Nursery Stock bago ang pagbebenta ng plant material. Nalalapat ito sa mga indibidwal, kumpanya, at club alinsunod sa Food and Agriculture Code (FAC) 6721 ng California.**

- **Inaatasan kang magkaroon ng lisensya, ngunit hindi mo kinakailangang magbayad para sa lisensya, kung totoo ang lahat ng mga sumusunod:**
  - **Mas mababa sa $1,000 ang benta sa mga halaman (kabilang ang mga halamang pinangasiwaan at inialok na ibenta) sa taon ng pananalapi,**
  - **Iniulat mo sa Agricultural Commissioner's Office ang iyong intensyong magbenta,**
  - **Ang lahat ng iyong halaman ay ibinebenta lang sa loob ng county kung saan itinanim ang mga ito. (FAC 6741(a), (b), (c))**

- **Kabilang sa mga eksepsyon sa paglilisensya ang pagbebenta ng mga buto lang, pagbebenta bilang retail florist lang, at pagbebenta ng mga pinutol na Christmas tree. (FAC 6742-6744)**

- **Ang minimum na bayarin sa lisensya ng nursery ay $150.00 kasama ang acreage fee para sa bawat lokasyon kung saan ibebenta, itatanim, o ia-assemble ang nursery stock para sa mga pag-distribute nang direkta sa mga customer.**

- **Ang lisensya ay maaaring bawiin o suspindihin, at maaaring tanggihan ng Secretary of Agriculture ng California ang aplikasyon o pag-renew kasunod ng isang imbestigasyon at pagdinig.**

- **Maaaring pumasok sa iyong nursery ang mga inspektor ng County Agricultural Commissioner's office, sa pamamagitan ng awtoridad ng Secretary of Agriculture ng California, upang magsagawa ng mga inspeksyon. (FAC Section 5023)**

- **Kung matutukoy na mayroong infection o infestation sa iyong lugar, maaaring mag-isyu ang mga inspektor ng County Agricultural Commissioner's office ng abiso upang i-hold ang mga halaman o iba pang carrier sa pag-aaring lugar. Maaari ding mag-isyu ang mga inspektor ng katulad na abiso upang mapangasiwaan ang anumang lugar na nasa loob ng limang milya kung saan nakita ang orihinal na peste. (FAC Section 5701 (a),(b))**

Kung gusto mong magkaroon ng lisensya sa nursery, o ng karagdagang impormasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa Department of Agriculture, Weights and Measures ng County ng San Diego sa 760-752-4700 o sa: http://www.sdcounty.ca.gov/awm/nursery.html

MAIKLING IMPORMASYON TUNGKOL SA PAG-IMPORT NG PLANT MATERIAL

Nagtutulungan ang California at County ng San Diego upang maprotektahan ang industriya ng agrikultura mula sa lahat ng anyo ng exotic na peste. Noong 2021, nasa mahigit $1.75 Bilyong dolyar ang halaga ng industriya ng agrikultura ng County ng San Diego. Ang mga regulasyon at inspeksyong isinasagawa ng kawani ng Estado at County ay mahahalagang kasangkapan sa pagprotekta at pagtataguyod sa ating industriya ng agrikultura.

Mayroong mga ipinapatupad na quarantine upang maprotektahan ang California mula sa mga pesteng matatagpuan sa ibang mga bansa at estado, pati na rin mula sa mga pesteng namumugad sa mga bahagi ng California. Maaaring maging mahirap ang pag-alam sa lahat ng iba't ibang quarantine. Kaya ipinag-aatas ng batas na kapag tumanggap ka ng plant material, dapat mong iulat ang pagdating nito at ipainspeksyon ito sa kawani ng County Agricultural Commissioner's office.

Makakatulong sa iyo ang sumusunod na impormasyon para makasunod sa Food and Agricultural Code (FAC) ng California:

- **Kapag nagbiyahe o tumanggap ka ng produktong halaman mula sa ibang county, estado, o bansa, kailangan mong makipag-ugnayan sa County Agricultural Commissioner's office upang ipainspeksyon ang produkto. (FAC section 6401(a), (b))**

  Para sa County ng San Diego, mangyaring tumawag sa 760-752-4713.

- **Kung hindi mo maipapasagawa ang naaangkop na inspeksyon, lalabag ka sa batas (FAC Section 6401(a), (b)). Maaaring magresulta ang paglabag sa pagkumpiska/pagsira sa mga halaman at / o multa. (FAC Section 6301.1 (a))**

- **Maaaring pumasok ang opisyal na magsasagawa ng inspeksyon anumang oras sa anumang sasakyan o lugar sa loob ng estado kung saan naroroon ang halaman o gamit upang matukoy kung ito ay, o malamang na, infested o infected ng anumang peste. (FAC Section 6303)**

- **Kung magrerenta ka man ng trucking company o kung ikaw ang personal na magdadala ng mga halaman mula sa ibang estado, inaatasan ka na huminto sa mga istasyon ng pagpasok sa border ng California para sa inspeksyon. Dapat kang kumuha ng sertipikasyon ng inspeksyon mula sa mga inspektor ng California Food and Agriculture. Ang hindi pagkuha sa kinakailangang sertipikasyon ay magreresulta sa pagpapataw ng multa sa driver. (FAC Section 5341.5 (a), (b))**

- **Maliban kung nakasaad sa artikulong ito, kung may anumang shipment ng mga halaman o anupamang bagay na lumalabag sa kabanatang ito o anumang nakatakdang pag-quarantine, na ipapasok sa estadong ito at mapag-aalamang infested o infected, o kung may makatuwirang dahilan upang paniwalaang maaaring infested o infected ito, ng anumang peste, agarang sisirain ang shipment ng, o sa ilalim ng pangangasiwa ng, opisyal na mag-iinspeksyon nito, sa gastos ng may-ari o bailee ng shipment. (FAC Section 6461.5)**

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa mga kahingiang nakalista sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa Department of Agriculture, Weights and Measures ng County ng San Diego sa 760-752-4700.